



Errata ng Handbook ng Miyembro sa 2026
Ito ay mahalagang impormasyon tungkol sa mga
pagbabago sa inyong
2026 Kaiser Foundation Health Plan, Inc. Handbook ng
Miyembro ng Medi-Cal

Ang inyong Handbook ng Miyembro ay tinatawag ding Pinagsamang Ebidensya ng Coverage at Form ng para sa Paghahayag ng Impormasyon (Evidence of Coverage and Disclosure Form, "EOC/DF"). Ipinapaalam sa inyo ng Errata ang tungkol sa mga update sa inyong Handbook ng Miyembro sa 2026. Pakitago ang dokumentong ito kasama ng inyong Handbook ng Miyembro sa 2026.

Sa Errata ng Handbook ng Miyembro na ito, tinutukoy minsan ang Kaiser Foundation Health Plan, Inc. bilang "kami", "amin," o "namin." Ang mga miyembro ay tinatawag minsan bilang "kayo/ninyo/inyo." May espesyal na kahulugan sa Handbook ng Miyembrong ito ang ilang salitang may malaking titik. Tingnan ang Kabanata 8, "Mahahalagang numero at salitang dapat malaman," ng Handbook ng Miyembro para sa mga terminong dapat ninyong malaman.

Nakasalungguhit sa ibaba ang mga pagbabago sa mga benepisyo.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).
Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Paunang pag-apruba (Paunang Pahintulot)” sa Kabanata 3 (Paano makatanggap ng pangangalaga)

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Paunang pahintulot sa Northern California

Para sa mga serbisyong nakalista sa ilalim ng heading na “Mga serbisyong nangangailangan ng Paunang Pag-apruba (Paunang Pahintulot)” sa ibang bahagi sa kabanatang ito, kakailanganin ng inyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP) o espesyalista na humingi ng pahintulot sa The Permanente Medical Group bago ninyo matanggap ang pangangalaga. Tinatawag itong paghiling ng paunang pag-apruba o paunang pahintulot. Nangangahulugan na kailangang siguraduhin ng The Permanente Medical Group na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay mga serbisyong makatuwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang inyong buhay, maiwasan ninyong magkaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang matinding sakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang pangangalagang kinakailangan upang gamutin o makatulong na mapawi ang isang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon.

Para sa mga karaniwang kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), ang The Permanente Medical Group ay dapat tumugon sa inyong kahilingan sa lalong madaling panahon ayon sa kinakailangan ng inyong kondisyon sa kalusugan, ngunit hindi lalampas sa limang araw ng trabaho mula nang matanggap [nila] ang impormasyong kanilang hiniling na makatuwirang kinakailangan upang magpasya (kung aaprubahan, babaguhin, o tatanggihan) ang inyong kahilingan. Ang The Permanente Medical Group ay dapat tumugon nang hindi lalampas sa pitong araw sa kalendaryo mula nang matanggap nila ang inyong kahilingan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

Para sa mga kahilingan kung saan ipapahiwatig ng provider o pagpapasyahan ng naaangkop na itinalaga ng The Permanente Medical Group na ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon ay seryosong makakapinsala sa inyong buhay o kalusugan o kakayahan upang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na pagganap, magsasagawa ang The Permanente Medical Group ng isang pinabilis (mabilis) na pagpapasya sa naunang pag-apruba (paunang pahintulot). Ang The Permanente Medical Group ay tutugon sa lalong madaling panahon ayon sa kinakailangan ng inyong kondisyon sa kalusugan, ngunit hindi lalampas sa 72 oras mula nang matanggap nila ang inyong kahilingan.

Sa ilang partikular na sitwasyon, maaaring mangailangan ang The Permanente Medical Group ng higit pang impormasyong upang pagpasyahan (kung aaprubahan, babaguhin, o tatanggihan) ang inyong kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung mangyayari ito, ang The Permanente Medical Group ay may hanggang 14 pang araw ng kalendaryo upang magpasya. Kapag natanggap ng The Permanente Medical Group ang kailangang impormasyon, dapat itong magpasya kapag kinailangan ng inyong kondisyon sa kalusugan, ngunit nang wala pang limang araw ng negosyo para sa mga karaniwang kahilingan o 72 oras para sa mga pinabilis na kahilingan.

Ang mga klinikal o medikal na kawani, tulad ng mga doktor, nars, at parmasyutiko, ang nagsusuri ng mga kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi namin naiimpluwensyahan sa anumang paraan ang pagpapasya ng mga tagasuri na tanggihan, baguhin, o aprubahan ang coverage ng benepisyo o mga serbisyo. Kung ang The Permanente Medical Group ay hindi aaprubahan ang kahilingan, magpapadala kami sa inyo ng sulat na Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, NOA). Ang NOA ang magsasabi sa inyo kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasya.

Kokontakin namin kayo kung kailangan ng The Permanente Medical Group ang karagdagang impormasyon o mas maraming panahon upang suriin ang inyong kahilingan.

Paunang pahintulot sa Northern California

Para sa mga serbisyong nakalista sa ilalim ng heading na “Mga serbisyong nangangailangan ng Paunang Pag-apruba (Paunang Pahintulot)” sa ibang bahagi sa kabanatang ito, kakailanganin ng inyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP) o espesyalista na humingi ng pahintulot sa Southern California The Permanente Medical Group bago ninyo matanggap ang pangangalaga.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

Tinatawag itong paghiling ng paunang pag-apruba o paunang pahintulot. Nangangahulugan na kailangang siguraduhin ng Southern California The Permanente Medical Group na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay mga serbisyong makatuwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang inyong buhay, maiwasan ninyong magkaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang matinding sakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang pangangalagang kinakailangan upang gamutin o makatulong na mapawi ang isang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon.

Para sa mga karaniwang kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), ang Southern California The Permanente Medical Group ay dapat tumugon sa inyong kahilingan sa lalong madaling panahon ayon sa kinakailangan ng inyong kondisyon sa kalusugan, ngunit hindi lalampas sa limang araw ng trabaho mula nang matanggap nila ang impormasyong kanilang hiniling na makatuwirang kinakailangan upang magpasya (kung aaprubahan, babaguhin, o tatanggihan) ang inyong kahilingan. Ang Southern California The Permanente Medical Group ay dapat tumugon nang hindi lalampas sa pitong araw sa kalendaryo mula nang matanggap [nila] ang inyong kahilingan.

Para sa mga kahilingan kung saan ipapahiwatig ng provider o pagpapasyahan ng naaangkop na itinalaga ng Southern California The Permanente Medical Group na ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon ay seryosong makakapinsala sa inyong buhay o kalusugan o kakayahan upang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na pagganap, magsasagawa ang The Permanente Medical Group ng isang pinabilis (mabilis) na pagpapasya sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Ang Southern California The Permanente Medical Group ay tutugon sa lalong madaling panahon ayon sa kinakailangan ng inyong kundisyon sa kalusugan, ngunit hindi lalampas sa 72 oras mula nang matanggap nila ang inyong kahilingan.

Sa ilang partikular na sitwasyon, maaaring mangailangan ang Southern California The Permanente Medical Group ng higit pang impormasyong upang pagpasyahan (kung aaprubahan, babaguhin, o tatanggihan) ang inyong kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung mangyayari ito, ang Southern California The Permanente Medical Group ay may hanggang 14 pang araw sa kalendaryo upang magpasya. Kapag kailangan ng Southern California The Permanente Medical Group ang kailangang impormasyon, dapat itong magpasya kapag kinailangan ng inyong kondisyon sa kalusugan, ngunit nang wala pang limang araw ng negosyo para sa mga karaniwang



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

kahilingan o 72 oras para sa mga pinabilis na kahilingan.

Ang mga klinikal o medikal na kawani, tulad ng mga doktor, nars, at parmasyutiko, ang nagsusuri ng mga kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi namin naiimpluwensyahan sa anumang paraan ang pagpapasya ng mga tagasuri na tanggihan, baguhin, o aprubahan ang coverage ng benepisyo o mga serbisyo. Kung ang Southern California The Permanente Medical Group ay hindi aaprubahan ang kahilingan, magpapadala kami sa inyo ng sulat na Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, NOA). Ang NOA ang magsasabi sa inyo kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasya.

Kokontakin ka namin kung kailangan ng Southern California The Permanente Medical Group ang karagdagang impormasyon o mas maraming panahon upang suriin ang inyong kahilingan.

Hindi ninyo kailangang ng Naunang Pag-apruba (Paunang pahintulot)

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga serbisyo na palaging nangangailangang ng maagang pag-apruba:

- Mga acupuncture na serbisyo kapag kailangan ninyo ng mahigit dalawang pagbisita/pagpapatingin kada buwan
- Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services, “CBAS”)
- Anesthesia para sa ngipin
- Matibay na kagamitang medikal
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay
- Mga supply para sa ostomy at para sa may kaugnayan sa pag-ihi
- Prosthetics at orthotics
- Mga serbisyo na hindi makukuha mula sa Mga Provider na Nasa Network
- Mga Transplant
- Medikal na Transportasyon kapag hindi emergency

Hindi nangangailangan ng naunang pag-ubra (paunang pahintulot) ang Emergency na



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

Pangangalaga, kasama ang mga serbisyo sa pang-emergency na ambulansya.

Hindi ninyo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na ito ay mula sa labas ng network ng mga medikal na pasilidad ng Kaiser Permanente Medical o nasa labas ng inyong Home Region service area. Kasama rito ang labor at panganganak kung buntis ka. Kailangan ninyo ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa ilang partikular na serbisyo sa sensitibong pangangalaga. Upang matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga, basahin ang “Sensitibong pangangalaga” sa ibang pagkakataon sa kabanatang ito.

Para sa kumpletong listahan ng mga serbisyo na nangangailangan ng maagang pag-apruba, at ng mga pamantayang ginagamit sa paggawa ng mga pagpapasya sa pahintulot, mangyaring bisitahin ang aming website sa kp.org/UM o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Mga pangalawang opinyon

Maaaring naisin ninyo ang pangalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na sabi ng inyong provider na kailangan ninyo o tungkol sa inyong diagnosis o plan sa paggamot. Halimbawa, maaaring naisin ninyo ang pangalawang opinyon kung gusto ninyong siguraduhing tama ang inyong diagnosis, hindi ka sigurado na kailangan ninyo ng isang niresetang paggamot o operasyon, o kung sinubukan ninyong sundin ang isang plano ng paggamot, at hindi ito gumana.

Babayarannamin ang isang pangalawang opinyon kung hihilingin ito ng inyong provider na nasa network ng Medi-Cal, at makakakuha ka ng pangalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network ng Medi-Cal. Hindi ninyo kailangan ng pahintulot mula sa amin upang kumuha ng pangalawang opinyon mula sa provider na nasa network ng Medi-Cal. Matutulungan ka ng inyong provider na nasa network ng Medi-Cal na makatanggap ng referral para sa pangalawang opinyon kung kinakailangan.

Upang makakuha ng pangalawang opinyon, tawagan ang inyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP). Maaaring sumangguni ang inyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP) sa provider na nasa network ng Medi-Cal na naaangkop na kwalipikadong medikal na propesyonal para sa inyong medikal na kondisyon para sa pangalawang opinyon, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)** upang



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

tulungan kayong makatanggap ng referral para sa pangalawang opinyon kung gusto ninyo nito.

Kung walang kwalipikadong provider na nasa network ng Medi-Cal upang bigyan ka ng pangalawang opinyon, tutulungan ka ng aming Mga Serbisyo sa Miyembro na makatanggap ng opinyon mula sa provider na wala sa network. Kung ire-refer namin kayo sa provider na wala sa network para sa pangalawang opinyon, babayaran namin ang pangalawang opinyon. Sasabihin namin sa inyo kung naaprubahan ang provider na pipiliin ninyo para sa pangalawang opinyon kung gaano kabilis ito kinakailangan ng inyong medikal na kondisyon, ngunit wala pang limang araw ng negosyo mula nang matanggap ng Plano ang impormasyong hiniling ito na makatuwirang kinakailangan upang makapagpasya sa inyong kahilingan, dapat kaming tumugon nang hindi lalampas sa pitong araw sa kalendaryo mula nang matanggap namin ang inyong kahilingan.

Kung mayroon kayong hindi gumagaling, pangmatagalan, o seryosong karamdaman, o nahaharap kayo sa isang agarang at seryosong banta sa inyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pagkawala ng buhay, bahagi ng katawan, o mahalagang bahagi o paggana ng katawan, ipapaalam namin sa inyo nang nakasulat sa loob ng 72 oras mula nang matanggap namin ang inyong kahilingan.

Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kayong mag-apela ng karaingan. Upang matuto tungkol sa mga karaingan, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6, “Pag-uulat at paglutas ng mga problema,” ng Handbook ng miyembro.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi saklaw ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4 (Mga benepisyo at serbisyo)

Paminsan-minsan, hindi sinasakop ng Kaiser Permanente ang mga serbisyo, ngunit maaari ninyo pa rin makuha ang mga ito sa pamamagitan ng May Bayad na Serbisyo (Fee-For-Service, FFS) na Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal. Makikipag-ugnayan kami sa iba pang programa upang matiyak na makukuha ninyo ang lahat ng kinakailangang serbisyong medikal, kabilang ang mga serbisyong saklaw ng ibang programa at hindi namin saklaw. Nakalista sa seksyong ito ang ilan sa mga serbisyong ito. Upang matuto pa, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Available ang Dental Managed Care sa Mga County ng Los Angeles

Gumagamit ang Programang Dental Managed Care ng Medi-Cal upang maibigay ang inyong mga serbisyo sa ngipin. Dapat kayong mag-enroll sa Pinapamahalaang Pangangalaga para sa Ngipin. Sa ilang sitwasyon, maaari kayong maging kwalipikado para sa pagbubukod mula sa pag-enroll sa Pinapamahalaang Pangangalaga para sa Ngipin Upang matuto pa, pumunta sa Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa: <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. Maaari ninyo ring tawagan ang Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa **1-800-430-4263**.

Tandaan: Sinasakop ang mga serbisyo para sa anesthesia para sa mga partkular na procedure sa ngipin sa ilalim ng mga tuntunin ng Handbook ng Miyembro na ito. Tingnan ang heading na “Mga serbisyo ng anesthesiologist” sa ilalim ng “Outpatient na Pangangalaga” sa Kabanata 4 na ito, “Mga benepisyo at mga serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito para sa higit pang impormasyon.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

Mga serbisyo sa ngipin sa iba pang county

lisa ang FFS ng Medi-Cal Dental at ang FFS ng Medi-Cal para sa inyong mga serbisyo sa ngipin. Bago ka makatanggap ng mga serbisyo sa ngipin, dapat ninyong ipakita ang inyong ID Card para sa mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal sa provider ng serbisyo sa ngipin. Tiyaking tumatanggap ang provider ng Dental FFS at hindi ka bahagi ng plano ng pinapamahalaang pangangalaga na sumasaklaw sa mga serbisyo sa ngipin.

Nasasaklawan ng Medi-Cal ang malawak na saklaw ng mga serbisyo sa ngipin sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental kasama ang:

- Mga buo at hindi buong pustiso
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Mga diagnostic at preventive na serbisyo sa ngipin gaya ng mga pagsusuri, X-ray, at pagpapalinis ng ngipin
- Pang-emergency na pangangalaga para sa pananakit ng ulo
- Mga Filling
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Mga paggamot sa root canal (anterior/posterior)
- Scaling at root planing
- Mga pagbunot ng ngipin
- Topical fluoride

Kung mayroon kayong mga tanong o kung gusto ninyong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922** o **711**). Maaari ka ring pumunta sa website ng Medi-Cal Dental sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa [kp.org](https://www.kp.org).

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Iba pang serbisyong maaaring matanggap ng mga bata sa pamamagitan ng programang May Bayad na Serbisyo (FFS) na Medi-Cal o iba pang Programa” sa Kabanata 5 (Well care para sa bata at kabataan)

Ang mga miyembrong bata at kabataan na wala pang 21 taong gulang ay maaaring makatanggap ng mga kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa sandaling ma-enroll sila. Tinitiyak nito na makatatanggap sila ng tamang pang-iwas na pangangalaga, pangangalaga sa ngipin, at pangangalaga sa kalusugan ng isip, kabilang ang mga serbisyong nauugnay sa pag-unlad at mga espesyal na serbisyo. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Iba pang serbisyong maaaring matanggap ng mga bata sa pamamagitan ng May Bayad na Serbisyo (FFS) na Medi-Cal o iba pang programa

Mga check-up para sa ngipin

Panatilihin ang gilagid ng inyong sanggol sa pamamagitan ng marahang pagpunas sa gilagid gamit ang washcloth araw-araw. Sa loob ng humigit-kumulang apat hanggang anim na buwan, magsisimula ang “pagtubo ng ngipin” sa pagsisimulang paglabas ng mga ngipin ng sanggol. Dapat kayong magpa-appointment para sa unang pagpapatingin ng ngipin ng inyong anak kapag tumubo na ang kanyang unang ngipin o sa pagsapit ng kanyang unang kaarawan, alinman ang mauuna.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa [**kp.org**](http://kp.org).

Mga libreng serbisyo ang mga serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na ito para sa:

Mga sanggol na edad 0-3

- Unang pagbisita/pagpapatingin para sa ngipin ng sanggol
- Unang pagsusuri sa ngipin ng sanggol
- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na linggo, at higit pa kung minsan)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng mga ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Mga Filling
- Mga pagbunot (pag-alis ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Sedation (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang edad 4-12

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na linggo, at higit pa kung minsan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Paglilinis ng mga ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Mga molar sealant
- Mga Filling
- Mga root canal
- Mga pagbunot (pag-alis ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Sedation (kung medikal na kinakailangan)

Mga kabataang edad 13-20

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na linggo, at higit pa kung minsan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Paglilinis ng mga ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado
- Mga Filling
- Mga Crown
- Mga root canal
- Mga hindi buo at buong pustiso



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org**.

5 | Well care para sa bata at kabataan

- Scaling at root planing
- Mga pagbunot (pag-alis ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Sedation (kung medikal na kinakailangan)

* Dapat isaalang-alang ng mga provider ang sedation at pangkalahatang anesthesia kapag natukoy at naitala nila ang dahilan kung bakit hindi medikal na angkop ang local anesthesia, at ang paggamot sa ngipin ay naunang naaprubahan o hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Narito ang ilan sa mga dahilan kung bakit hindi maaaring gumamit ng local anesthesia at posibleng gumamit na lang ng pangkalahatan anesthesia:

- Kondisyon ng pangangatawan, gawi, pag-unlad, o emosyon na pumipigil sa pasyente na tumugon sa mga pagtatangka ng provider na magsagawa ng paggamot
- Mga pangunahing restorative o surgical na procedure
- Hindi nakikipag-cooperate na bata
- Acute na impeksyon sa bahaging tuturuan
- Hindi paggana ng local anesthesia upang gamutin ang pananakit

Kung mayroon kayong mga tanong o gusto ninyong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Linya para sa Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Dental sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922** o **711**), o pumunta sa <https://smilecalifornia.org/>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org**.

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Mga Pagdinig ng Estado” sa Kabanata 6 (Pag-uulat at paglutas ng mga problema)

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay pagpupulong kasama kami at ang isang hukom mula sa California Department of Social Services (“CDSS”). Tutulong ang hukom na lutasin ang inyong problema at pagpapasyahan niya kung tama o hindi ang naging pagpapasya namin. Karapatan ninyong humiling ng Pagdinig ng Estado kung humiling na kayo ng apela sa Kaiser Permanente at hindi pa rin kayo nasisiyahan sa aming pagpapasya, o kung hindi kayo nakatanggap ng pagpapasya sa inyong apela pagkalipas ng 30 araw.

Dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw sa kalendaryo mula sa petsa sa aming sulat na Abiso ng Paglutas sa Apela (Notice of Appeal Resolution, “NAR”). Kung binigyan namin kayo ng Aid Paid Pending sa panahon ng inyong apela at gusto ninyo itong ipagpatuloy hanggang sa magkaroon ng pagpapasya sa inyong Pagdinig ng Estado, dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng aming liham sa NAR o bago ang petsa kung kailan sinabi naming ihihinto ang inyong mga serbisyo, alinman ang mas huli.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagtiyak na magpapatuloy ang Aid Paid Pending hanggang sa magkaroon ng pinal na pagpapasya sa inyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)** 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Maaaring humiling ang inyong awtorisadong kinatawan o provider ng Pagdinig ng Estado para sa inyo sa pamamagitan ng inyong nakasulat na pahintulot.

Kung minsan, maaaring kayong humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso sa pag-apela.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Halimbawa, maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinakailangang kumpletuhin ang aming proseso sa pag-apela, kung hindi namin kayo inabisuhan nang tama o nang nasa tamang oras tungkol sa inyong mga serbisyo. Tinatawag itong Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi kami gumawa ng liham ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, “NOA) o NAR sa gusto ninyong wika na available para sa inyo
- Nakagawa kami ng pagkakamaling nakakaapekto sa alinman sa inyong mga karapatan
- Hindi namin kayo binigyan ng liham ng NOA
- Hindi namin kayo binigyan ng liham ng NAR
- Nakagawa kami ng pagkakamali sa aming liham ng NAR
- Hindi namin napagpasyahan ang inyong apela sa loob ng 30 araw
- Napagpasyahan naming agarang kinakailangan ang inyong kaso ngunit hindi kami tumugon sa inyong apela sa loob ng 72 oras

Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa mga paraang ito:

- **Sa telepono:** Tawagan ang State Hearings Division ng CDSS sa **1-800-743-8525** (TTY **1-800-952-8349** o **711**)
- **Sa sulat:** Kumpletuhin ang form na ibinigay kasama ng inyong paunawa sa paglutas ng apela at ipadala ito sa:
California Department of Social Services
State Hearings Division
744 P Street, MS 09-17-433
Sacramento, CA 95814
- **Online:** Humiling ng pagdinig online sa www.cdss.ca.gov
- **Sa email:** Kumpletuhin ang form na kasama ng inyong abiso sa paglutas sa mga apela at i-email ito sa Scopeofbenefits@dss.ca.gov
 - Tandaan: Kung ipadadala ninyo ito sa email, may panganib na mabasa ng ibang tao bukod sa State Hearings Division ang inyong email. Pag-isipan ang paggamit ng mas secure na paraan upang ipadala ang inyong kahilingan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

- **Sa Fax:** Kumpletuhin ang form na kasama ng inyong abiso sa paglutas ng mga apela at i-fax ito sa State Hearings Division sa **916-309-3487** o nang toll free sa **1-833-281-0903**

Kung kailangan ninyo ng tulong upang humiling ng Pagdinig ng Estado, makakatulong kami sa inyo. Makakapagbigay kami ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang [aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Sa pagdinig, sasabihin namin sa hukom kung bakit kayo hindi sumang-ayon sa aming pagpapasya. Sasabihin namin sa hukom kung paano namin ginawa ang aming pagpapasya. Maaaring abutin ng hanggang 90 araw bago magpasya ang hukom sa inyong kaso. Kailangan nating sundin kung ano man ang pagpapasya ng hukom.

Kung gusto ninyong gumawa ang CDSS ng mabilis na pagpapaaya dahil ang tagal ng proseso ng Pagdinig ng Estado ay maaaring maglagay sa panganib sa inyong buhay, kalusugan, o kakayahang ganap na makakilos, ikaw, ang inyong awtorisadong kinatawan, o ang inyong provider ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS at humiling ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat gumawa ang CDSS ng pagpapasya nang hindi lalampas sa tatlong araw ng negosyo pagkatapos nitong makuha ang inyong kumpletong file ng kaso mula sa amin.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).
Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org**.

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Abiso ng Pagkilos” sa Kabanata 7 (Mga karapatan at responsibilidad)

Bilang miyembro ng Kaiser Permanente, mayroon kayong mga partikular na karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag sa kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kabilang rin sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na may karapatan kayo bilang miyembro ng Kaiser Permanente.

Abiso ng Pagkilos

Papadalhan kayo ng Kaiser Permanente ng liham ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, “NOA”) anumang oras na tatanggihan, iaantala, wawakasan, o babaguhin ng Kaiser Permanente ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi kayo sang-ayon sa aming pagpapasya, maaari kayong magsumite ng apela sa amin. Pumunta sa seksyong “Mga Apela” sa Kabanata 6 ng Handbook ng miyembro na ito para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng inyong apela. Kapag nagpadala kami sa inyo ng NOA, sasabihin dito ang lahat ng karapatan ninyo kung hindi kayo sasang-ayon sa pagpapasya namin. Kung matatanggap ninyo ang abisong ito mula sa sinumang ibang tao maliban sa amin, makipag-ugnayan kaagad sa Kaiser Permanente.

Mga nilalaman ng mga abiso

Kung ang mga pagtangi, pag-antala, pagbabago, pagwawakas, pagsuspinde, o pagbabawas sa inyong mga serbisyo, sa pangkalahatan o nang bahagya, ay batay sa medikal na pangangailangan, dapat maglaman ang inyong NOA ng sumusunod:

- Isang pahayag ng pagkilos na gusto naming gawin
- Isang malinaw at maikling paliwanag ng mga dahilan para sa aming pagpapasya
- Paano kami nagpasya, kasama ang mga panuntunang ginamit namin



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org**.

7 | Mga karapatan at responsibilidad

- Ang mga medikal na dahilan para sa pagpapasya. Malinaw dapat naming isaad kung bakit hindi nakakatugon ang inyong kondisyon sa mga panuntunan o alituntunin.
- Impormasyon tungkol sa inyong karapatang humiling ng mga libreng kopya ng lahat ng dokumento at talang nauugnay sa NOA.

Mga Pagsasalin

Kinakailangan naming ganap na isalin at ibigay ang nakasulat na impormasyon ng miyembro sa mga karaniwang gustong wika, kasama ang lahat ng abiso ng karaingan at mga apela.

Kasama dapat sa ganap na naisaling abiso ang medikal na dahilan para sa aming pagpapasya upang tanggihan, iantala, baguhin, wakasan, suspindihin, o bawasan ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kung hindi available ang pagsasalin sa gusto ninyong wika, magbibigay kami ng pasalitang tulong sa gusto ninyong wika upang maunawaan ninyo ang impormasyong matatanggap ninyo.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Narito kami 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo (maliban sa mga saradong holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org**.

Abiso ng Hindi Pagdidiskrimina

Sa dokumentong ito, "kami", "amin", o "ang aming" ay nangangahulugan ng Kaiser Permanente (Kaiser Foundation Health Plan, Inc., Kaiser Foundation Hospitals, The Permanente Medical Group, Inc., at ang Southern California Medical Group). Ang abisong ito ay makikita sa aming website sa **kp.org**.

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod namin ang mga batas ng estado at pederal tungkol sa mga karapatang sibil.

Hindi kami nandidiskrimina, hindi isinasama ang mga tao, o tinatrato ang mga ito nang iba dahil sa edad, lahi, kinikilalang grupo ng etniko, kulay, pinagmulang bansa, pinagmulang kultura, ninuno, relihiyon, kasarian, kinikilalang kasarian, pagpapahayag ng kasarian, sekswal na oryentasyon, marital status, pisikal o pangkaisipan na kapansanan, medikal na kondisyon, pinanggagalingan ng bayad, impormasyong henetiko, pagkamamamayan, pangunahing wika, o estado sa imigrasyon.

Ibinibigay ng Kaiser Permanente ang mga sumusunod na serbisyo sa napapanahong paraan:

- Ang walang bayad na mga tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para tulungan silang makipag-usap nang mas maganda sa amin, tulad ng:
 - ◆ Mga kwalipikadong interpreter para sa sign language
 - ◆ Mga nakasulat na impormasyon sa ibang mga format (braille, malalaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, at iba pang mga format)
- Ang walang bayad na mga serbisyo sa wika sa mga tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - ◆ Mga kwalipikadong interpreter
 - ◆ Impormasyong nakasulat sa ibang mga wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro (Member Services) sa mga numerong nasa ibaba. Libre ang tawag. Ang Mga Serbisyo sa Miyembro ay sarado sa mga pangunahing holiday.

- Medicare, kasama ang D-SNP: **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo.
- Medi-Cal: **1-855-839-7613 (TTY 711)**, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- Ang lahat ng iba pa: **1-800-464-4000 (TTY 711)**, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kapag hiniling, makukuha ang dokumentong ito sa braille, malalaking letra, audio, o sa mga elektronikong format. Para makakuha ng isang kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, o ibang format, tawagan ang aming departamento para sa Serbisyo sa Miyembro at hilingin ang kailangan ninyong format.

Paano maghain ng karaingan sa Kaiser Permanente

Maaari kayong maghain ng karaingan sa diskriminasyon sa amin kung naniniwala kayo na hindi namin naibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan. Maaari kayong maghain ng karaingan sa telepono, sa koreo, nang personal, o sa online.

Mangyaring sumangguni sa iyong *Katunayan ng Coverage (Evidence of Coverage)* o *Sertipiko ng Insurance (Certificate of Insurance)* para sa mga detalye. Maaari ninyong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon sa mga opsyon na naaangkop sa inyo, o para sa tulong sa paghain ng karaingan. Maaari kang maghain ng karaingan sa pagdidiskrimina sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro. Ang mga numero ng telepono ay nakalista sa itaas.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** I-download ang form sa **kp.org** o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro at hilingin sa kanila na padalhan kayo ng form na maaari ninyong ipadala pabalik.
- **Sa personal:** Punan ang Form para sa Reklamo o Paghahabol/Kahilingan para sa Benepisyo sa opisina ng mga serbisyo sa miyembro na matatagpuan sa isang Pasilidad ng Plano (pumunta sa direktoryo ng inyong provider sa **kp.org/facilities** para sa mga address)
- **Sa online:** Gamitin ang online form sa aming website sa **kp.org**

Maaari ka ring makipag-ugnayan ng direkta sa Tagapag-ugnay ng mga Karapatang Sibil ng Kaiser Permanente sa mga address sa ibaba:

Attn: Kaiser Permanente Civil Rights Coordinator

Member Relations Grievance Operations

P.O. Box 939001

San Diego CA 92193

Paano maghain ng karaingan sa Opisina para sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California *(Para sa mga Benepisyaryo ng Medi-Cal Lang)*

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Opisina para sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pagsulat, sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng email:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) Opisina ng Mga Karapatang Sibil sa **916-440-7370 (TTY 711)**
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:

Office for Civil Rights

Department for Health Care Services

P.O. Box 997413, MS 0009

Sacramento, CA 95899-7413

Ang mga form sa Reklamo sa Opisina ng Mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California ay makukuha sa:
http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx

- **Sa Online:** Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov

Paano maghain ng karaingan sa Opisina para sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao ng Estados Unidos

Maaari kayong maghain ng reklamo sa diskriminasyon sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao ng Estados Unidos Opisina para sa Mga Karapatang Sibil. Maaari kayong maghain ng reklamo sa pamamagitan ng sulat, sa telepono, o sa online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019** (TTY 711 o **1-800-537-7697**)
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

Ang mga form sa Reklamo ay makukuha sa Opisina ng Mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao ng Estados Unidos sa:
<https://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>

- **Sa online:** Bumisita sa **Portal Reklamo ng Opisina ng Mga Karapatang Sibil sa:**
<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf>